ANG PAGTATANIM NG SEMILYA NA PINATUBO SA KARANIWANG PUNLAAN

UNA



Humukay ng butas na pagtatamnan ng punla. Gamiting palatandaan ang dalawang tulos at tiyaking hindi mailipat ang mga ito.

IKALAWA:



Maglagay ng abono sa hukay bago magtanim.

Kung ang pataniman mula sa dagat ay nasa loob ng 2 kilometro lagyan ng 150 gramo o 7 kutsara ng Ammonium Sulfate at 100 gramo o 4 na kutsara ng Muriate of Potash ang bawat butas.

Sa mga patanimang higit sa 2 kilometro ang layo sa dagat, lagyan ng 150 gramo o 7 kutsara ng Ammonium Sulfate at 200 gramo o 8 kutsara ng Muriate of Potash ang bawat butas.

IKATLO:



Ibalik ang kaunting nahukay na lupa at ihalo itong mabuti sa abono. Tabunan ito ng lupa na mga 2 pulgada ang kapal.

IKA

Bunutin ang semilya na nasa punlaan. Iwasang masira ang mga dahon.

IKALIMA:

Putulin ang mga napinsalang ugat.

IKAANIM:



Ilagay ang punla sa huka
puno ay nasa gitnang bahagi n
pagtatanim.

IKAPITO:



Tabunan ng lupa ang butas